Department of Education
Division of Marinduque
RECORDS SECTION
RELEASED
004121
Name:
Signature:
OCT 11 2024
Date: Time:

Republic of the Philippines
**Department of Education**
MIMAROPA REGION
SCHOOLS DIVISION OF MARINDUQUE
**Office of the Schools Division Superintendent**

**Division Advisory**
October 11, 2024

*In compliance with DepEd Order No. 8, s. 2013 titled "Policy Guidelines on Regulating the Issuance of DepEd Advisories", this Advisory is issued not for endorsement per DO 28, s. 2001 but only for information of DepEd officials, personnel/staff, as well as the concerned public.*

**INVITATION FROM PAMBANSANG SAMAHAN SA LINGGWISTIKA AT LITERATURANG FILIPINO, INC. AT UST DEPARTMENTO NG FILIPINO ON THE CONDUCT OF PAMBANSANG SEMINAR-WORKSHOP NA PINAMAGATANG SURI, SALIKSIK, SANAY 6 (SSS 6)**

Please find attached letter from Asst. Prof. Alvin Ringgo C. Reyes, MA, Direktor, Suri, Saliksik, Sanay 6, at Ingat-Yaman, PSLLF, Inc. and endorsed by Dr. Jonathan V. Geronimo, Pangulo, PSLLF, Inc. dated October 10, 2024 regarding the conduct of Pambansang Seminar-Workshop titled Suri, Saliksik, Sanay 6 (SSS 6) on October 24-26, 2024 at the University of Sto. Tomas, Manila, for information and guidance of all concerned and interested teachers from our Schools Division.

Attendance to activities like this will be on **VOLUNTARY BASIS**. Public and private school teachers and officials should observe the **no-disruption-of-classes policy** as stipulated in DepEd Order No. 9, s. 2005 titled *"Instituting Measures to Increase Time-On-Task and Ensuring Compliance Therewith"*.

Dissemination of this Advisory is desired.

**LYNN G. MENDOZA, EdD**
OIC, Schools Division Superintendent

-SGOD-HRDS-ARF

*"DepEd Marinduque: Heart of the Philippines. Lead to Excel. Excel to Lead."*

T. Roque St., Malusak, Boac, Marinduque
Email: marinduque@deped.gov.ph
Tel. No.: (042) 754-0247 •Fax No.: (042) 332-1611
Facebook Page: DepEd Tayo Marinduque

Pambansang Samahan sa Linggwistika
at Literaturang Filipino

DEPARTMENT OF EDUCATION
SDO Marinduque
RECORDS - SECTION
OCT 10 2024
1024-152
RECEIVED

10 Oktubre 2024

**DR. LYNN G. MENDOZA**
**Schools Division Superintendent**
**Department of Education – Marinduque**

**Mahal na Dr. Mendoza:**

Pagbati!

Ang Pambansang Samahan sa Linggwistika at Literaturang Filipino, Inc. (PSLLF, Inc.) at ang UST Departamento ng Filipino ay magsagawa ng taunang Pambansang Seminar-Workshop na pinamagatang Suri, Saliksik, Sanay 6 (SSS 6) sa 24-26 Oktubre 2024, Huwebes-Sabado, sa Unibersidad ng Santo Tomas. Ang tema para sa taong ito ay "Pedagohiya at Saliksik sa Panahon ng Matatag Curriculum, EDCOM 2, at Artificial Intelligence (AI)" na naglalayong (1) matalakay ang mga kritikal na usaping pampedagohiya at pampananaliksik sa Filipino sa panahon ng Matatag Curriculum at AI; (2) makabuo ng plano ng pagkatuto na may angkop at makabuluhang espasyo ng AI; (3) maitanghal ang mga napapanahong saliksik at modelong praktis sa pagtuturo sa Filipino na nakaangkla sa Matatag Curriculum at/o sa AI; at (4) mapatibay ang network ng mga guro, mananaliksik, tagapamuno, tagabuo ng polisiya, at iba pa na may interes sa pag-aangat ng antas ng edukasyon at pananaliksik sa Filipino.

Kaugnay nito, malugod po namin kayong inaanyayahan sampu ng inyong mga guro na lumahok sa nasabing kumperensiya. Ang halaga ng rehistrasyon sa SSS 6 ay PhP 2, 000 para sa mga miyembro ng PSLLF at PhP 2, 500 para sa mga di-miyembro. Maaaring magbayad sa pamamagitan ng GCash sa numerong 09154819604 o sa account na Pambansang Samahan sa Linggwistika at Literaturang Filipino, Inc., Landbank, Savings Account No. 5271-0131-50. Upang makapagrehistro, iakses ang https://bit.ly/3SIPq1G o i-scan ang kalakip na QR code:

Hinihintay na lamang ang CPD accreditation ng programa na nai-file na sa PRC.

Maraming salamat po at nawa'y makamit namin ang positibong tugon ninyo kaugnay ng paanyayang ito.

Lubos na sumasainyo,

**ASST. PROF. ALVIN RINGGO C. REYES, MA**
Direktor, Suri, Saliksik, Sanay 6
Ingat-Yaman
PSLLF, Inc.

Iniendoso ni:

**DR. JONATHAN V. GERONIMO**
Pangulo
PSLLF, Inc.

**Pambansang Samahan sa Linggwistika at Literaturang Filipino**
**at**
**Unibersidad ng Santo Tomas**
**Departamento ng Filipino**

**SURI, SALIKSIK, SANAY 6**
**24-26 Oktubre 2024**
**Thomas Aquinas Research Complex Auditorium**
**at Education Auditorium, Unibersidad ng Santo Tomas**

**Araw 1**
**24 Oktubre 2024, Huwebes**
**Thomas Aquinas Research Complex Auditorium**

| | |
|---|---|
| 7:00 – 8:00 n.u. | Rehistrasyon |
| 8:00 – 8:10 n.u. | Panalangin<br>Pambansang Awit |
| 8:10 – 8:30 n.u. | **Bating Pagtanggap**<br>Assoc. Prof. Pilar I. Romero, LPT, PhD<br>Dekana, Kolehiyo ng Eduksasyon<br>Unibersidad ng Santo Tomas |
| 8:30 – 8:45 n.u. | **Oryentasyon at Overview ng Pambansang Seminar 2024**<br>Asst. Prof. Alvin Ringgo C. Reyes, MA<br>Direktor, Suri, Saliksik, Sanay 6<br>Ingat-Yaman, PSLLF |
| 8:30 – 9:30 n.u. | **Susing Pananalita: Pedagohiya at Saliksik sa Panahon ng Matatag Curriculum at Artificial Intelligence (AI)**<br>Prof. Rhoderick V. Nuncio, PhD<br>Dekano, Kolehiyo ng Malalayang Sining<br>Pamantasang De La Salle, Maynila |
| 9:30-10:00 n.u. | Health Break |
| 10:00 – 11:00 n.u. | **Plenaryong Panayam 1: Ang Filipino sa Matatag Curriculum: Mga Apdeyt**<br>Prof. Zendel Rosario M. Taruc, LPT, PhD<br>Tagapangulo, Departamento ng Filipino<br>Unibersidad ng Santo Tomas |
| 11:00 n.u. – 12:00 n.t. | **Plenaryong Panayam 2: Pedagohiya sa Filipino sa Matatag Curriculum**<br>Dr. Christine Joy D.R. Aguila<br>Special Science Teacher V<br>Philippine Science High School Main Campus |
| 12:00 – 1:00 n.t. | Tanghalian |
| 1:00 – 2:30 n.h. | **Plenaryong Panayam 3: Pananaliksik sa Filipino sa Matatag Curriculum**<br>Dr. Jonathan V. Geronimo<br>Katuwang na Propesor, Departamento ng Filipino at Panitikan ng Pilipinas<br>Unibersidad ng Pilipinas Diliman<br>Pangulo, PSLLF |

| | |
|---|---|
| | |
| 2:30 – 4:00 n.h. | **Plenaryong Panayam 4: Pedagohiya at Saliksik sa EDCOM 2**<br>Dr. David Michael M. San Juan<br>Propesor, Departamento ng Filipino<br>Pamantasang De La Salle, Maynila<br>Dating Pangulo, PSLLF |

Tagapagpadaloy: Dr. Amur M. Asuncion (umaga) at Dr. Wennielyn F. Fajilan (hapon)

**Araw 2**
**25 Oktubre 2024, Biyernes**
**Education Auditorium**

| | |
|---|---|
| 8:00 – 10:00 n.u. | **Plenaryong Worksyap 1: Pagbuo ng mga Polisiyang Pangklasrum sa Integrasyon ng AI sa Filipino**<br>Dr. Louie B. Dasas<br>Katuwang na Dekano, Kolehiyo ng Edukasyon<br>Unibersidad ng Santo Tomas |
| 10:00 – 12:00 n.t. | **Plenaryong Worksyap 2: Mga Estratehiya sa Integrasyon ng AI sa Filipino**<br>G. Edwin S. de Guzman, MSIT, MCP<br>Instruktor, College of Information and Computing Sciences<br>Unibersidad ng Santo Tomas |
| 12:00 n.t. – 1:00 n.h. | Tanghalian |
| 1:00 – 2:00 n.h. | Sesyong Paralel 1 (Silid Blg. 415) – Presentasyon ng mga Saliksik-Papel |
| 2:00 – 3:00 n.h. | Sesyong Paralel 2 (Silid Blg. 417) – Presentasyon ng mga Saliksik-Papel |
| 3:00 – 4:00 n.h. | Sesyong Paralel 3 (Silid Blg. 419) – Presentasyon ng mga Saliksik-Papel |

Tagapagpadaloy: Dr. Teresita F. Fortunato (umaga)

**Araw 3**
**26 Oktubre 2024, Sabado**
**Education Auditorium**

| | |
|---|---|
| 9:00 – 10:00 n.u. | Sesyong Paralel 4 (Silid Blg. 415) – Presentasyon ng mga Banghay-aralin |
| 10:00 – 11:00 n.u. | Sesyong Paralel 5 (Silid Blg. 417) – Presentasyon ng mga Banghay-aralin |
| 11:00 – 12:00 n.t. | Sesyong Paralel 6 (Silid Blg. 419) – Presentasyon ng mga Banghay-aralin |
| 12:00 n.t. – 1:00 n.h. | Tanghalian |
| 1:00 – 2:30 n.h. | **Talakayang Panel: Pedagohiya at Saliksik sa Panahon ng Matatag Curriculum, EDCOM 2, at Artificial Intelligence (AI)**<br><br>Dr. Henry Leen A. Magahis<br>Dr. John Christian C. Valeroso<br>Bb. Arriane B. Talana |
| 2:30 – 3:00 n.h. | Lunsad-Aklat |
| 3:00 – 4:00 n.h. | Paggagawad ng Katibayan ng Paglahok<br><br>**Pangwakas na Pananalita**<br>Dr. Jonathan V. Geronimo<br>Pangulo, PSLLF<br><br>Pag-awit ng Himno ng UST |

Tagapagpadaloy: G. Mark Anthony J. Etcobanez at Bb. Charlotte A. Malinao (hapon)

**PANAWAGAN SA PRESENTASYON NG SALIKSIK-PAPEL**

SURI, SALIKSIK, SANAY 6: Pambansang Seminar-Workshop at Kumperensiya sa Pagtuturo ng Filipino at Panitikan ng PSLLF at UST Departamento ng Filipino 2024

Ang SURI, SALIKSIK, SANAY ay taunang pambansang seminar-workshop at kumperensiya na itinataguyod ng Pambansang Samahan sa Linggwistika at Literaturang Filipino, Ink. (PSLLF). Sa taong 2024, ito ay isasagawa katuwang ang Departamento ng Filipino ng Unibersidad ng Santo Tomas. Tampok sa akademikong pagtitipon ang pagbasa ng mga papel-pananaliksik na nakasulat sa wikang Filipino at pumapaksa sa iba't ibang kaalaman, napapanahong isyu at penomena sa wika, panitikan, pedagohiya ng Filipino at Panitikan, teknolohiya, at iba pang larangang nagpapalakas sa Filipino bilang wikang intelektuwal at panlipunan. Ang pangkalahatang tema sa taong ito ay "Pedagohiya at Saliksik sa Panahon ng Matatag Curriculum, EDCOM 2, at Artificial Intelligence." Kaugnay nito, iniimbitahan ang mga guro, mananaliksik at iskolar ng wikang Filipino na magpasa ng kanilang maikling pananaliksik-papel na maaaring sumaklaw sa alinman sa mga sumusunod na paksa o anumang kaugnay ng mga ito:

- Lingguwistika
- Pagpaplanong Pangwika
- Kurikulum sa Filipino
- Paghahanda ng mga Kagamitang Panturo
- Mga Teknolohiya sa Pagkatuto ng Wika
- Pagtatayang Pangwika
- Filipino Bilang Pangalawa o Dayuhang Wika
- Preserbasyon ng mga Katutubong Wika
- Pagsusuri sa Implementasyon at/o Inobasyon sa MTB-MLE
- Edukasyong Nakabatay sa Kultura
- Pagsasalin at Araling Salin
- Filipino at Araling Internet
- Edukasyon at Artificial Intelligence
- Kulturang Popular
- Panunuring Pampanitikan
- Panitikang Rehiyonal
- Panitikang ASEAN at Global
- Interdisiplinaring Pagtuturo ng/sa Filipino
- Pananaliksik sa mga Diskurso sa Araling Pilipinas

Sa pagpapasa, mahigpit na sundin ang template na magiging gabay na pormat ng papel-pananaliksik na mada-download dito: https://bit.ly/3WvT3sS.

I-upload ang WORD FILE ng iyong papel sa link na ito: https://bit.ly/4d8Ok7v. Ang huling araw ng pagpapasa ng maikling papel ay sa 15 Setyembre 2024. Padadalhan ng opisyal na liham ang lahat ng mananaliksik na tanggap at hindi tanggap para sa presentasyon batay sa isasagawang ebalwasyon ng nakatakdang komite. Gayundin, ilalathala sa opisyal na Facebook page at website ng PSLLF ang listahan ng mga papel-pananaliksik na nakapasa sa 30 Setyembre 2024.

Bibigyan ng sertipiko ang lahat ng mapipiling magpresenta ng papel-pananaliksik ngunit inaasahang ang mga mananaliksik ay rehistrado bilang kalahok ng Suri, Saliksik, Sanay 6.

*Para sa interesadong lumahok sa kumperensya, i-fill-out ang registration form (https://bit.ly/3SIPq1G) at i-upload ang katunayan ng pagbabayad.

Bayad sa rehistrasyon:
PhP 2, 000 piso para sa miyembro ng PSLLF
PhP 2, 500 piso para sa mga hindi miyembro ng PSLLF
GCASH (A.R. Reyes): 09154819604

**PANAWAGAN SA PRESENTASYON NG BALANGKAS NG ARALIN**

**SURI, SALIKSIK, SANAY 6**: Pambansang Seminar-Workshop at Kumperensiya sa Pagtuturo ng Filipino at Panitikan ng PSLLF at ng UST Departamento ng Filipino 2024

Ang SURI, SALIKSIK, SANAY ay taunang pambansang seminar-workshop at kumperensiya na itinataguyod ng Pambansang Samahan sa Linggwistika at Literaturang Filipino, Ink. (PSLLF). Sa taong 2024, ito ay gaganapin sa 24-26 Oktubre 2024 sa Unibersidad ng Santo Tomas katuwang ang UST Departamento ng Filipino. Tampok sa akademikong pagtitipon ang presentasyon ng mga balangkas ng aralin (lesson outline) na nagpapamalas ng makabuluhang paglinang ng alinmang kompetensi sa Matatag Curriculum (para sa batayang edukasyon) o ng mahusay at etikal na integrasyon ng artificial intelligence sa pagtuturo (para sa lahat ng antas). Kaugnay ito ng tema ng kumperensiya sa taong ito na "Pedagohiya at Saliksik sa Panahon ng Matatag Curriculum, EdCom II, at Artificial Intelligence."

Gamitin ang itinakdang template ng panukalang aralin na maida-download mula sa: https://bit.ly/3WvT3sS. I-upload ang WORD FILE ng iyong papel sa link na ito: https://bit.ly/3SMlcee.

Ang huling araw ng pagpapasa ng panukalang aralin ay sa 15 Setyembre 2024. Padadalhan ng opisyal na liham ang lahat ng mananaliksik na tanggap at hindi tanggap para sa presentasyon batay sa isasagawang ebalwasyon ng nakatakdang komite. Gayundin, ilalathala sa opisyal na Facebook page at website ng PSLLF ang listahan ng mga papel-pananaliksik na nakapasa sa 30 Setyembre 2024.

Bibigyan ng sertipiko ang lahat ng mapipiling magpresenta ng aralin ngunit inaasahang ang mga mananaliksik ay rehistrado bilang kalahok ng Suri, Saliksik, Sanay 6.

*Para sa interesadong lumahok sa kumperensya, i-fill-out ang registration form (https://bit.ly/3SIPq1G) at i-upload ang katunayan ng pagbabayad.

Bayad sa rehistrasyon:
PhP 2, 000 piso para sa miyembro ng PSLLF
PhP 2, 500 piso para sa mga hindi miyembro ng PSLLF
GCASH (A.R. Reyes): 09154819604